



DEPARTMENT OF ENERGY

ANO ANG LPG?

Ang Liquified Petroleum Gas o LPG ay pinaghalong 60% butane at 40% propane. Ito ay nagmula sa distilasyon (distillation) ng krudo sa proseso ng pagpino (refining) kahalintulad ng iba pang likidong panggatong (liquid fuel) tulad ng gaas, gasolina at diesel.



MGA PANGKALIGTASANG TIPS


- Huwag ilagay ang tangke ng LPG sa saradong kabinet at huwag ilagay malapit sa mga electrical switches.
- Gumamit lamang ng "LPG resistant rubber hose" at palaging i-check ito para malaman kung may sira na ito lalo na sa clamps at mga koneksiyon.
- Pag naka-amoy ng singaw ng LPG, huwag mag-switch on o off ng elektrikal na gamit. Patayin ang LPG regulator at buksan ang mga bintana at pintuan.
- Tiyaking nakasarado ang burner at LPG regulator kapag hindi ginagamit.

DEPARTMENT OF ENERGY
Consumer Welfare and Promotion Office
Ground Floor, Annex Building
Energy Center, Fort Bonifacio,
Taguig, M.M.
Hotline: (02) 840 -2267
Trunkline : (02) 840-1401 to 21

You may also text in your suggestions,
comments, queries and complaints.
Just type :
DOE <space> <message>
and then send to 2920
(for Globe and Smart subscribers only)

Check our website at:
www.doe.gov.ph/necp/

PAANO MALALAMAN KUNG PEKE ANG TANGKE NG LPG




October 2004

LAGAYAN NG LPG

Ang LPG ay inilalagay sa isang sisidlang bakal para sa madali at ligtas na transportasyon at pag-imbak. Ang disenyo, paggawa at pagkabit ng sisidlan ng LPG na itinuturing na "Unfired Pressure Vessels" ay nasa ilalim ng pamantayang pinahayag ng Bureau of Product Standards (BPS) ng Department of Trade and Industry (DTI).

MGA MARKA SA TANGKE NG LPG

1. Ang bawat tangke ay dapat may permanenteng nakatatak sa kanyang collar o kuwelyo o kaya sa footring gaya ng mga sumusunod:
 - Pangalan ng kumpanyang gumawa
 - Pangalan at address ng nag-angkat (kung ang tangke ay inangkat sa ibang bansa)
 - Partikular na pamantayan
 - Petsa kung kailan sinuri (hydrostatic, leak, mechanical, etc.)
 - Kapal ng bakal
 - Dami ng gas na mailalagay
 - Bigat ng tangke kapag walang laman (tare weight)
 - Disenyo at test pressure
 - Serial number
 - Tatak kung saang bansa ginawa



2. Ang bawat tangke ay dapat na may nakaukit (embossed) na sulat na brand name o pangalan ng may-ari ng tangke
3. Lahat ng markang nakatatak ay dapat ilagay sa kwelyo o sa footring ng tangke.
4. Ang embossed marking ay dapat na nakalagay sa itaas na bahagi ng tangke para may pagkakilanlan sa nagmamay-ari.
5. Ang bawat tangke ay dapat may nakalagay na PS markings o ICC Certification; ang PS ay para sa mga tangkeng dito ginawa sa ating bansa at ang ICC para sa mga inangkat sa ibang bansa.

PAANO MALALAMAN ANG TAMANG LAMAN NG TANGKE NG LPG (11 KG.)

- Ayon sa batas, ang bawat tindahan ng LPG ay kailangang mayroong timbangan
- Malalaman ang laman na LPG sa tangke sa pamamagitan ng pagtimbang ng tangkeng may laman. Ibawas ang bigat ng tangke kung ito ay walang laman (tare weight). Ang dapat na lumabas na timbang ng LPG sa loob ng tangke ay 11 kilograms.



$$\begin{aligned} \text{TW} + \text{Net Content} &= \text{GROSS WEIGHT} \\ &= 24.5 \text{ kg} \end{aligned}$$